Republic of the Philippines
**Department of Education**
Region XI
**SCHOOLS DIVISION OF DIGOS CITY**
**OFFICE OF THE SCHOOLS DIVISION SUPERINTENDENT**

**DIVISION MEMORANDUM**
SGOD-2023-421

To: : Assistant Schools Division Superintendent
Division Chiefs
Public Schools District Supervisors
Education Program Supervisor-Filipino
Public School Heads
Filipino Public-School Teachers

Subject : **INFORMATION ON THE UP LIKAS' 32ND NATIONAL CONFERENCE**

Date : September 14, 2023

This is in reference to Regional Memorandum HRDD-2023-232 dated September 11, 2023 signed by Roy T. Enriquez, Chief Administrative Officer, Officer-In-Charge, re: Information on the UP Likas' 32nd National Conference on October 19-20, 2023 at UP NISMED Auditorium, Quezon City.

This Office interposes no objection to the above-mentioned activity and that the participation of DepEd Personnel is voluntary in nature and adherence to the policy on "No Disruption of Classes" per DepEd Order No. 9, s. 2005 entitled "Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and no government funds must be incurred".

All other details of the said activity are found in the enclosures for ready reference.

For the dissemination and information.

**MELANIE P. ESTACIO**
OIC-Schools Division Superintendent

DepEd Schools Division of Digos City
RECORDS SECTION
RELEASED
23-108344
DATE: SEP 18 2023 TIME: 2:14 pm
BY:

Enclosed: As stated
SGOD/rbd

Roxas Street cor. Lopez Jaena Street, Zone II, Digos City 8002
(082) 553-8396 | (082) 553-8376 | (082) 553-9170 | (082) 553-8375
(082) 553-8396 | (082) 553-8376
www.depeddigoscity.org | digos.city@deped.gov.ph

RECORDS

23-23600

DepEd Schools Division of Digos City
RECORDS SECTION
RECEIVED
DATE: 14 SEP 2023 TIME: 1:26
BY:

108344

Republic of the Philippines
**Department of Education**
DAVAO REGION

**Office of the Regional Director**

**REGIONAL MEMORANDUM**
HRDD-2023-232

To : Assistant Regional Director
Schools Division Superintendents

Subject: INFORMATION ON THE UP LIKAS' 32nd NATIONAL CONFERENCE

Date : September 11, 2023

---

Attached is the communication from University of the Philippines (UP) Diliman, for the 32nd National Conference entitled, *"Kapulwan: Pamana at Hamon ng Nasyonalismong Pilipino"* on October 19-20, 2023 at UP NISMED Auditorium, Quezon City. Relevant details are found in the enclosures.

In view of the foregoing, attendance of interested teacher-participants is voluntary, subject to no disruption of classes policy. Hence, adherence to DO 9, s. 2005 on Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task, and DO 030, s. 2021, on the Multi-Year Implementing Guidelines on the Allocation and Utilization of the Human Resource Development Fund for Teachers and School Leaders shall be observed.

For more information, contact 0908-737-9829 or email at uplikas@gmail.com.

Immediate dissemination of this Memorandum is desired.

DEPARTMENT OF EDUCATION RXI
RECORDS SECTION
RELEASED
By:
Date: Time: Sept. 14, 2023
23600

**ALLAN G. FARNAZO**
Director IV

By the Authority of the Regional Director:

ROY T. ENRIQUEZ
Chief Administrative Officer
Officer-In-Charge

Enclosed: As Stated.

*ROH/kfy*

# UP LIPUNANG PANGKASAYSAYAN

Bulwagang Palma, Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya, Unibersidad ng Pilipinas Diliman, Lungsod Quezon

RECEIVED
0 8 SEP 2023
1:11:53

**PAMUNUAN**
Taong Akademiko 2023-2024

**KALIHIMAN**

**DAN GABRIEL A. CASTRO**
Tagapangulo

**JUDE THOMAS N. CUARTERO**
Pangalawang Tagapangulo para sa Usaping Panloob

**HANS MATTHEW U. ANTIOJO**
Pangalawang Tagapangulo para sa Usaping Panlabas

**MGA DIREKTOR**

**ELREY JAN M. PUNAY**
Komite ng Dokumentasyon at Aklatan

**JOAQUIN MANUEL G. REYES**
Komite ng Edukasyon at Pananaliksik

**JAPHET PAUL L. FALCUTILA**
Komite ng Pananalapi at Lohistika

**JOHN IMMANUEL P. ADVINCULA**
Komite ng Pangkasapiang Usapin

**BENELYN P. FERRER**
Komite ng Pamamahayag at Publikasyon

**PROP. KERBY C. ALVAREZ, Ph.D**
Mga Gurong Tagapayo

EMAIL: uplikas@gmail.com
FACEBOOK: facebook.com/uplikas/
TWITTER: twitter.com/uplikas/
INSTAGRAM: instagram.com/uplikas
WEBSITE: uplikas.wixsite.com/uplikas
CONTACT NUMBER: 0908 737 9829

Greetings!

U.P. Lipunang Pangkasaysayan (U.P. LIKAS), is an academic organization of students in the University of the Philippines- Diliman that promotes a critical and more relevant study of history as well as awareness of Filipino culture and society through different activities.

One of the major endeavors of our organization is the annual National Conference of History Students. Last year, U.P. LIKAS successfully held its conference entitled ***Banwa'án: Urbanismo at Kasaysayang Pilipino.*** The conference discussed the history of urbanization through the lens of architecture, geography, and urban planning; and discussed issues and policies concerning our public services of transportation, infrastructure, and sanitation.

This year, U.P. LIKAS will be holding its 32nd National Conference entitled ***"Kapulwan: Pamana at Hamon ng Nasyonalismong Pilipino"*** and will be held on the 19th-20th of October 2023 at the UP NISMED AUDITORIUM, University of the Philippines-Diliman, Quezon City, 8:00 AM - 5:00 PM. The theme of this year's conference is to provide wider knowledge and understanding towards the history of nationalism in the country and its present realities in the 21st century. This 2-day conference will discuss the history of nationalism, from its beginnings to its present, and how different groups in the Philippines viewed and interacted with the evolving nature of Filipino nationalism. We are expecting around three hundred delegates in this year's conference. The registration fee for the 2-day conference is 500 pesos.

In this regard, we humbly invite your office to take part in our activity wherein we aspire to gather over three hundred high school students and social studies teachers all over the country. We would also like to seek support from your office in conducting this activity through the issuance of a **DepEd accreditation** and **regional memorandums.** If possible, we would also like to request, for the benefit of the teachers and students are interested in this conference, that their expenses be placed under the schools' respective training and development fees. With your support, we could achieve our vision of promoting critical thinking in the field of history.

Should you have any inquiries, you may contact the undersigned through e-mail at **uplikas@gmail.com** and we will gladly discuss these matters with you personally. With your support, we could achieve our vision of promoting critical thinking in the field of history by collaborating with your advocacy.

We look forward to your most affirmative response not later than **September 15, 2023**. Thank you very much.

Sincerely,

Hans Matthew Antiojo
Vice President for External Affairs
09176182227

Dan Gabriel Castro
President
09087379829

Noted by:

Prop. Kerby C. Alvarez, PhD
Faculty Adviser

"Tungo sa isang *kritikal* at *mas makabuluhang* pag-aaral ng *kasaysayan*"

# UP LIPUNANG PANGKASAYSAYAN

Bulwagang Palma, Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya, Unibersidad ng Pilipinas Diliman, Lungsod Quezon

**Ika-32 Pambansang Kumperensiya ng UP Lipunang Pangkasaysayan**
**Kapulwan: Pamana at Hamon ng Nasyonalismong Pilipino**
**Oktubre 19-20, 2023 | UP NISMED Auditorium**

## KONSEPTONG PAPEL

Ang UP Lipunang Pangkasaysayan (UP LIKAS) ay isang organisasyong pangkasaysayan ng UP Diliman na nagsusulong ng isang kritikal at mas makabuluhang pag-aaral ng kasaysayan. Isa sa pangunahing aktibidad ng organisasyon ay ang taunang Pambansang Kumperensiya ng mga Mag-aaral ng Kasaysayan, na nilalayong tipunin ang mga historyador at mag-aaral ng kasaysayan sa dalawang-araw na akademikong talakayan at palihan.

Ngayong taon, inihahandog ng UP LIKAS ang ika-32 Pambansang Kumperensiya – ang pagbabalik ng face-to-face na kumperensiya matapos ang tatlong taon, na pinamagatang **Kapulwan: Ang Pamana at Hamon ng Nasyonalismong Pilipino**. Ang *kapulwan* ay salitang Kapampangan para sa kapuluan, at sinasalamin nito ang likas na katangian ng Pilipinas. Kasabay ng paggunita ng ika-125 anibersaryo ng kasarinlang Pilipino, angkop ang tema ng kumperensiya sa pagtatampok ng iba-ibang kasapi ng bayan. Maliban sa mga kilalá nang pangalan sa kasaysayang pambansa, mahalagang ipagdiwang ang samot-saring ambag ng sambayanan sa pagbuo ng Pilipinas sa kasalukuyan. Sa pamamagitan ng larangan ng kasaysayan, katuwang ang mga larangan ng sosyolohiya, antropolohiya, araling Pilipino, at araling pangmadla, pag-uusapan sa kumperensiya ang temang sentral – nasyonalismo – upang makatulong sa pag-unawa ng naratibo ng nasyon sa paglipas ng mga taon. Patitingkarin sa dalawang araw na kumperensiya hindi ang mga karanasan ng mga makapangyarihan, kung hindi ang karanasan ng mga karaniwang tao at ang kanilang lugar bilang mamamayan ng Pilipinas.

Bunga ng tuluyang pagbukás ng unibersidad sa mga gawaing pisikal, isasagawa ang kumperensiya ngayong taon sa UP NISMED Auditorium, UP Diliman sa ika-19 at 20 ng Oktubre 2023. Sa dalawang araw na Pambansang Kumperensiya, mapakikinggan ang pananaliksik ng mga tagapagsalita hinggil sa pagbuo at pagpapatibay ng nasyonalismo sa kasaysayan ng bayan. Hahatiin sa dalawa ang bawat sesyon kada araw: pang-umaga at panghapon.

Maraming paksa ang pag-uusapan sa dalawang araw. Sa unang araw pagtutuunan ang natatanging pamana at diskurso ng nasyonalismong Pilipino sa kasaysayan at lipunang Pilipino. Sa umaga ng ika-19 ng Oktubre, tatalakayin ang nasyonalismong Pilipino ng dantaon 19. Madalas ituring ang panahong ito bilang umpisa ng damdaming makabayan sa mga Pilipino, sapagkat sa panahong ito higit na namalayan ng mga tao ang kanilang hangad na magkaisa at makalaya sa kahigpitan ng dayuhang Espanyol. Kaugnay nito, mahalagang mapagtuunan ito sa simula ng kumperensiya. Kabilang sa bahaging ito ang ambag ng mga paring Pilipino sa Kilusang Sekularisasyon (hal. Gomburza), pati ang tungkulin ng mga ilustrado na sina de los Reyes at Del Pilar. Sisikaping mapalitaw sa tagapakinig na bagama't hindi ganoong binibigyang pansin ang mga bayaning ito kumpara sa mga tulad ni Bonifacio o Rizal, nararapat silang alalahanin at gunitain. Sa hapon ng ika-19 ng Oktubre, tatalakayin ang nasyonalismong Pilipino sa aspekto ng pagkain, palakasan, agham, at wika. Pangunahing susuriin kung paano nagiging lunan ng pamana at diskurso ng ating pagka-Pilipino ang mga ito sa paglipas ng panahon.

Sa ikalawang araw ng kumperensiya, unang tututukan ang mga bagong lapit sa pag-aaral ng nasyonalismo mula sa karanasan, ambag, at hamong nararansan ng iba't ibang sektor na madalas isinasantabi sa pag-aaral ng nasyonalismong Pilipino. Una, tatalakayin ang susing papel ng kababaihan sa paggiit ng kanilang karapatan at pagtindig sa harap ng sari-saring banta sa kanilang kalagayan hanggang sa kasalukuyan. Ikalawa, tatalakayin ang nasyonalismo ng mga Pilipinong Tsino na tuluyang namalagi sa kapuluan at tumulong sa pagpapakatatag ng sambayanan. Susuriin ang pagkamit at paggigiit nila ng identidad bilang mga *Tsinoy* sa kapuluan. Ikatlo, pag-uusapan ang nasyonalismong Pilipino mula sa karanasan at hamong nararanasan ng mga katutubo at Muslim sa kalupaan. Lilinawin ang pagpupunyagi nila sa kabila ng pagsasantabing nararanasan nila, at ipapakita rin ang pananagutan ng iba't ibang rehiyon sa pagtataguyod ng pagkakaisang humihigit sa anumang alitang panrehiyon. Panghuli, inaasahan ding masuri ang mga hamon at tungkulin ng kabataan at diyasporang Pilipino sa kinabukasan at kapakanan ng bayan. Sa panghapong sesyon, susuriin ang nasyonalismong Pilipino mula sa mga pamana at hamon nito sa sining, kulturang popular, pagsibol ng bagong midya, at mga hamon sa pagtuturo nito sa batayang edukasyon sa kontemporaryong panahon.

Sa pamamagitan ng Pambansang Kumperensiya, magtitipon ang mga dalubuhasa upang mailahad nila ang kanilang pananaliksik hinggil sa nasyonalismong Pilipino at ang direksyon ng pagtuturo at pag-aaral nito sa dantaon 21. Sa dalawang araw na kumperensiya, titiyakin ang kalidad ng diskusyon sa bawat sandali upang higit na maikintal ang kamalayang pangkasaysayan ng mga delegadong mag-aaral, guro, at mga mamamayan ng kasaysayan. Sa pangkalahatan, nais ng organisasyon na mas mahikayat ang mga imbitado na palakasin ang pag-aaral sa kasaysayan ng nasyonalismo ng bayan, sapagkat isa itong lapit na hindi maitatatwa sa salaysay ng bansang Pilipinas.

**Ika-32 Pambansang Kumperensiya ng UP Lipunang Pangkasaysayan**
**Kapulwan: Pamana at Hamon ng Nasyonalismong Pilipino**
**Oktubre 19-20, 2023 | UP NISMED Auditorium**

**TENTATIBONG DALOY NG PROGRAMA**

**UNANG ARAW**

**Sesyon sa Umaga**

| | |
|---|---|
| 7:45 n.u. - 8:30 n.u. | Pagpapatala |
| 8:30 n.u. | Seremonya ng Pagbubukas |
| | Pambansang Awit<br>Panimulang Mensahe mula sa Dekana ng Kolehiyo<br>Mensahe mula sa Tagapangulo ng Departamento<br>Mensahe mula sa Gurong Tagapayo ng UP Lipunang Pangkasaysayan<br>Mensahe mula sa Panauhing Pandangal<br>Paglalahad ng Layunin ng Kumperensiya<br>Pagpapalawig ng Tema |
| 9:20 n.u. - 9:40 n.u. | Merienda/Paghahanda para sa pagsisimula |
| | **Susing Pananalita** |
| 9:40 n.u. - 10:20 n.u. | Kilusang Pansimbahan sa Kasaysayan at Lipunang Pilipino |
| 10:20 n.u. - 10:35 n.u. | Malayang Talakayan |
| | **Panel 1: Mga Pamana ng Nasyonalismong Pilipino ng Dantaon 19** |
| 10:35 n.u - 11:05 n.u | Pamana ng *GOMBURZA* at Kilusang Sekularisasyon sa Kasalukuyan |
| 11:05 n.u. - 11:35 n.u. | Paghihiraya ng Bayan sa Panulat nila Isabelo de los Reyes at Marcelo H. Del Pilar |
| 11:35 n.u. - 11:55 n.u. | Malayang Talakayan |
| 11:55 n.u. - 12:55 n.t. | Tanghalian |

**Sesyon sa Hapon**

| | |
|---|---|
| | **Panel 2: Ang Pamana ng Nasyonalismong Pilipino sa Kultura at Lipunang Pilipino** |
| 1:00 n.h. - 1:30 n.h. | Pagkaing Pinoy bilang Lunan ng Kasaysayan at Pagka-Pilipino |
| 1:30 n.h. - 2:00 n.h. | Palakasang Pinoy bilang Lunan ng Kasaysayan at Pagka-Pilipino |
| 2:00 n.h. - 2:30 n.h. | Agham at Kalamidad bilang Lunan ng Kasaysayan at Pagka-Pilipino |
| 2:30 n.h. - 3:00 n.h. | Panitikang Pambata bilang Lunan ng Kasaysayan at Pagka-Pilipino |
| 3:00 n.h. - 3:30 n.h. | Malayang Talakayan |
| 3:30 n.h. - 4:00 n.h. | Pansamantalang Pagsasara ng Kumperensiya |

**Ika-32 Pambansang Kumperensiya ng UP Lipunang Pangkasaysayan**
**Kapulwan: Pamana at Hamon ng Nasyonalismong Pilipino**
**Oktubre 19-20, 2023 | UP NISMED Auditorium**

**TENTATIBONG DALOY NG PROGRAMA**

**IKALAWANG ARAW**

**Sesyon sa Umaga**

| | |
|---|---|
| 7:45 n.u. - 8:45 n.u. | Pagpapatala |
| 8:30 n.u. | Muling Pagbubukas ng Kumperensiya |
| | **Panel 3: Mga Hamon ng Nasyonalismong Pilipino sa Pagbubuo at Paggigiit ng Pagka-Pilipino** |
| 8:40 n.u. - 9:10 n.u. | Ang Bagong Pilipina sa ika-21 Siglo |
| 9:10 n.u. - 9:40 n.u. | Ang Kilusang Kabataan sa ika-21 Siglo |
| 9:40 n.u. - 10:00 n.u. | Malayang Talakayan |

| | |
|---|---|
| 10:00 n.u. - 10:10 n.u. | Merienda |
| 10:10 n.u. - 10:40 n.u. | Mga Hamon ng Marginalisasyon sa mga Katutubo at Muslim sa Kasaysayan at Lipunang Pilipino |
| 10:40 n.u. - 11:10 n.u. | *Tsinoys*: Mga Hamon sa Pagbubuo at Paggigiit ng Identidad sa Kasaysayan at Lipunang Pilipino |
| 11:10 n.u. - 11:40 n.u. | Pagsusuri sa mga Alitang "Mainland" at Diyaspora |
| 11:40 n.u. - 12:00 n.t. | Malayang Talakayan |
| 12:00 n.t. - 1:00 n.h. | Tanghalian |

**Sesyon sa Hapon**

| | |
|---|---|
| | **Susing Pananalita** |
| 1:00 n.h. - 1:40 n.h. | Pamana ng Nasyonalismong Pilipino sa Sining at Pelikula |
| 1:40 n.h. - 2:00 n.h. | Malayang Talakayan |
| | **Panel 4: Mga Hamon ng Nasyonalismong Pilipino sa Kontemporaryong Panahon** |
| 2:00 n.h. - 2:30 n.h. | Pagsipat ng Nasyonalismong Pilipino sa Kulturang Popular |
| 2:30 n.h. - 3:00 n.h. | Ang *Social Media* bilang Lunan ng Diskurso ng Nasyonalismong Pilipino |
| 3:00 n.h. - 3:30 n.h. | Pagtuturo ng Nasyonalismong Pilipino sa Batayang Edukasyon: Pagsusuri ng mga Teksbuk |
| 3:30 n.h. - 3:50 n.h. | Malayang Talakayan |
| 3:50 n.h.- 3:55 n.h. | Panapos na Pananalita |
| 3:55 n.h. - 4:00 n.h. | Pagsasara ng Kumperensiya |

**Ang UP Lipunang Pangkasaysayan (UP LIKAS)**

Ang U.P. Lipunang Pangkasaysayan (U.P. LIKAS) ay isang akademikong organisasyon na muling itinatag noong 1988 na nag -aadhikang mapagbuklod ang mga mag-aaral na nagpapakadalubhasa, may hilig at interes sa kasaysayan; mapalawak at mapalaganap ang kaalaman at kamalayang pangkasaysayan; mapaunlad ang disiplina ng kasaysayan; at higit sa lahat, mapaglingkuran ang mga mag-aaral ng pamantasan at sambayanang Pilipino sa pamamagitan ng "isang kritikal at mas makabuluhang pag-aaral ng kasaysayan" at pagpupunyagi para sa panlipunang pagbabago at pagbubuo ng Inang Bayan, bansa at sambayanan.

Nadalumat ng U.P. LIKAS ang mga adhikaing ito sa pagtunton sa sariling kasaysayan nito — kasaysayang hindi nagsisimula noong 1988 lamang kundi nag-uugat sa mga naunang organisasyong pangkasaysaysan sa Unibersidad ng Pilipinas (U.P.). Noon pa man, may mga itinatag nang organisasyon ng mga mag-aaral na nagpapakadalubhasa, may hilig at interes sa kasaysayan gaya ng U.P. History Club (1912-Dekada '30); Clio Recognition Society (Dekada '30-'60); U.P. History Club (Dekada '60) at Clio (1970). Naging abala ang mga organisasyong ito sa pagtataguyod ng mga gawaing akademiko na tulad ng lakbay-aral, panggrupong talakayan, lektura-panayam, seminar, simposyum at marami pang iba.

Sa paglaganap ng kamalayang makabayan sa "panahon ng sigwa," unang itinatag ang U.P. LIKAS noong 1971. Sa pamumuno ni Michael Gonzales, unang Pangulo ng U.P. LIKAS, naging hitik sa pakikilahok ang organisasyon sa mga isyu't usaping panlipunan upang maitaguyod ang panlipunang katwiran at kaunlaran. Subalit nang pairalin ang Batas Militar noong 1972, kabilang ang U.P. LIKAS sa mga ipinagbawal na organisasyong sa U.P. Magkaganito man, bagamat maikling panahon lamang namayagpag ang unang U.P. LIKAS, naging makabuluhan naman ang naging paglahok nito sa samu't saring pagkilos para sa panlipunang pagbabago at pagbubuo.

Noong 1973, nang pinahintulutan na muli ang pagkakaroon ng mga samahan sa U.P. sa kondisyong hindi ito "subersibo," isa ang U.P. LIKAS sa pinayagang maitatag muli. Isinakatuparan ang pagbubuong muli ng organisasyon sa pamamagitan ng masigasig na kolektibong pamunuan na kinatawan ni Nilo Ocampo. Muling sumabak ang organisasyon sa pagsasagawa ng mga makabuluhang gawain. Sa mga unang taon nito, binigyang-diin ang mga

gawaing akademiko. Naging tunguhin ng organisasyon ang pagaambag sa kaalaman at kamalayang pangkasaysayan. Nagtaguyod ang organisasyon ng iba't ibang talakayan at simposyum. Naglabas din ito ng opisyal na pahayagan na pinangalanang ang Likas. At higit sa lahat, naglathala ito ng natatanging dyornal pangkasaysayan, ang LIKAS, noong Disyembre 1976 na alay kay William Vincent "Billy" Acuña Begg, bayaning Likasyan na "nagbubo ng dugo para sa isang maaliwalas na kasaysayan ng sambayanan."

Sa mga tagumpay na ito, hindi nangahulugang nalimita ang organisasyon sa mga isyu't usaping akademiko. Patuloy ang masigasig na pakikilahok ng organisasyon sa mga pagkilos para sa panlipunang pagbabago at pagbubuo. Itinanghal ang kalayaang akademiko at kapangyarihan ng mag-aaral, kabilang ang U.P. LIKAS sa mga nakipaglaban para maibalik ang University Student Council (USC). Naging masigasig din ang organisasyon sa mga pagkilos laban sa mga mapaniil na patakaran ng pamahalaan sa ilalim ng Batas Militar. Sa muling paglaho ng organisasyon noong 1980 dahil sa kawalan ng kasapian at pamunuan, ilan sa mga kasapi nito ang aktibo sa kilusang makabayan at sandatahang pakikibaka. Bagamat mayroon pa ring ilang grupong bumuo ng mga organisasyon ng mga mag-aaral sa kasaysayan tulad ng U.P. History Society (HistSoc) noong 1981-1986, masasabing hindi ito nagkaroon ng malawak at malalim na pananaw pangkasaysayan.

Marahil itinakdang magkaroon ng organisasyong pangkasaysayan ang mga mag-aaral ng U.P. sa panahon ng pag-unlad ng "bagong kasaysayan," kung kaya't noong Ikalawang Semestre ng Akademikong Taon 1987-1988, sa pangunguna nina Myra Angeli Gallardo at Elsie Ramos, muling binuhay ang U.P. LIKAS. Sa pamamagitan ng 14 na katao na nagsilbing lupong ad hoc, itinatag ang U.P. LIKAS sa U.P. Faculty Center 2016. Si Ferdinand Llanes ang hinirang na unang Tagapangulo ng muling itinatag na organisasyon. Inilunsad ang organisasyon noong 13 Enero 1988. Kabilang sa mga unang kasapi sina Daisy Apolonio, Patricia Aquino, Enrico Azicate, Ferdinand Conel, Jose Antonio Custodio, Myra Angeli Gallardo, Ferdinand Llanes, Khadija Rosarita Mamorno, Roberto Mata, Patricia Mercado, Pamela Portugal, Rowena Quinto, Elsie Ramos at Ma. Cecilia Samonte. Naging unang Gurong Tagapayo sina Dante Ambrosio at Nilo Ocampo. Pagkatapos ng paglulunsad, pagpursige na ang organisasyon na "pumusisyon sa hanay ng mga mag-aaral at sa buong pamantasan bilang isang organisasyong may mabisang kakayahan na makibahagi sa pagtatadhana ng kabuuang hugis ng kolektibong pamumuhay at galaw sa pamantasan." Kumilos ito tungo sa ikatataguyod ng dakilang adhikaing

mapaglingkuran ang mga mag-aaral ng pamantasan at sambayanang Pilipino sa diwa ng panlipunang pagbabago at pagbubuo.

Malayo na rin ang narating ng U.P. LIKAS matapos ang humigit na dalawampung taon mula nang muling itatag ito. Naging matapat at matatag ang organisasyon sa mga adhikain nito na makikita sa mga naging gawain nito sa nakalipas na mga taon. Nagdaos ang organisasyon ng mga exhibit, lakbay-aral, pagpapalabas-pelikula, panggrupong talakayan, lekturapanayam, seminar, simposyum at palihan. Nakipagbuklod din ang U.P. LIKAS sa iba't ibang institusyon na gaya ng U.P. Departamento ng Kasaysayan, College of Social Sciences and Philosophy (CSSP) at buong U.P. na makikita sa paglahok ng U.P. LIKAS sa Linggo ng Kasaysayan, Kapistahang Asyano, CSSP Organizations Fair (OrgFair), CSSP Week, Lantern Parade, at Alternative Classroom Learning Experience (ACLE). Maraming kasapi na rin ang naging bahagi ng at nanguna sa University Student Council (USC), CSSP Student Council, at ang opisyal na sulat-balitaang pangmag-aaral ng CSSP na SINAG. Patuloy ring nagiging aktibo ang LIKAS bilang bahagi ng Buklod CSSP, UP Alyansa ng mga Mag-aaral para sa Panlipunang Katwiran at Kaunlaran (ALYANSA); gayundin sa CSSP Academic Circle (AcadCircle). Nakikipag-ugnayan rin ang LIKAS sa mga kapwa organisasyong pangkasaysayan bilang tagapagtatag ng Alyansa ng mga pang-Kasaysayang Organisasyong Pang-mag-aaral sa Pilipinas (ANGKOPP) at kasapi ng Local Historical Committees Network (LHCN).

Nakipagbuklod din ang organisasyon sa iba pang pampamantasan at pambansang institusyon at organisasyon tulad ng U.P. Lupon sa Sentenaryo, U.P. Office for Initiatives in Culture and the Arts (OICA), Asosasyon ng mga Dalubhasa, may Hilig at Interes sa Kasaysayan ng Pilipinas (ADHIKA ng Pilipi- nas), Bagong Kasaysayan/Bahay-Saliksikan sa Kasaysayan (BAKAS), Kaisahan para sa Kamalayan sa Kasaysayan (KAMALAYSAYAN), National Historical Institute (NHI) at National Commission for Culture and the Arts (NCCA).

Nagtaguyod din ang U.P. LIKAS ng mga gawaing sibiko gaya ng pakikipagtulungan sa Gawad Kalinga at programang "Gib Lab" na naglalayong paligayahin at paglingkuran ang mga kapus-palad lalo na tuwing Kapaskuhan.

Naglathala na rin ang organisasyon ng mga aklat na kinabibilangan ng Paksa, Paraan at Pananaw sa Kasaysayan (1992) na pinamatnugutan nina Ma. Bernadette Abrera at Dedina Lapar at Wika, Panitikan, Sining at Himagsikan (1998) na pinamatnugutan naman nina Atoy Navarro at Raymund Arthur Abejo. Noong Enero 2008, inilathala ang Kaalaman at Pamamaraan sa Pagtuturo ng Kasaysayan na pinamatnugutan nina Atoy Navarro, Alvin Campomanes at John Lee Candelaria. Noong Agosto 2012 naman inilunsad ang Kasaysayang Pampook: Pananaw, Pananaliksik, Pagtuturo na pinamutnugutan nina Atoy Navarro, Ma. Florina Orillos-Juan, Janet Reguindin, at Adonis Elumbre.

Higit sa lahat, nagtaguyod na ang U.P. LIKAS ng mga malawakang pambansang kumperensya na dinaluhan ng mga mag-aaral ng kasaysayan mula sa iba't ibang paaralan, kolehiyo at pamantasan sa iba't ibang panig ng Pilipinas bukod pa sa paglahok ang organisasyon sa samu't saring makabayang pagkilos ng kabataan at sambayanang Pilipino para sa panlipunang pagbabago at pagbubuo ng Inang Bayan, bansa at sambayanan. Tunay na masasabing patuloy na umuunlad ang U.P. LIKAS "tungo sa isang kritikal at mas makabuluhang pag-aaral ng kasaysayan."

**ANNEX 2**

# ENTITY PROFILE/GENERAL INFORMATION SHEET

| | |
|---|---|
| 1. Name of Company/Association/Institution/Organization: | |
| U.P. Lipunang Pangkasaysayan (U.P. LIKAS) | |
| 2. Office Address: | |
| Palma Hall, Roxas Avenue, University of the Philippines-Diliman, Quezon City | |
| 3. Contact Person/s:<br><br>Dan Gabriel A. Castro<br>Hans Matthew U. Antiojo | 4. Designation/Position:<br><br>Tagapangulo<br>Pangalawang Tagapangulo para sa Usaping Panlabas |
| a. Contact No/s.:<br><br>0908 737 9829<br>0917 618 2227 | b. Mobile Phone No/s.:<br><br>0908 737 9829<br>0917 618 2227 |
| 5. Email Address/es: | uplikas@gmail.com or uplikasexternals@gmail.com |
| 6. URL/Website: | N/A |
| 7. Social Media Account/s: (Facebook, Twitter, among others) | http://www.facebook.com/uplikas ; http://www.twitter.com/uplikas ; http://www.instagram.com/uplikas |
| 8. Nature of the Company/Association/Institution/Organization (Narrative Description):<br><br>U.P. Lipunang Pangkasaysayan (U.P. LIKAS) is an academic organization of students based in the University of the Philippines-Diliman that promotes critical thinking in the study of history as well as greater awareness of Filipino culture and society. | |
| 9. Mission:<br><br>The primary goal of the organization is to forward a critical and a more meaningful and relevant study of history. | |
| 10. Vision:<br><br>As an academic organization, it aims to spearhead lecture series, conferences, seminar-workshops, symposiums, and all other related academic gatherings. It is our commitment to bring the organization to a higher sense of scholarly involvement that shall embody the organization's principle to promote historical consciousness not only to the U.P. community but also to the Filipino people. | |
| 11. Accreditation/Certificates/Permits (Enclosed copy/ies): | |
| □ Certificate of Accreditation from the Philippine Regulation Commission (PRC)<br>□ Civil Service Commission (CSC) Institute Accreditation Certificate<br>· Certificate of Permit from the Dean or Head of Student Affairs Office<br>□ Movie and Television Review and Classification Board (MTRCB) | □ Securities and Exchange Commission (SEC) Registration<br>□ Department of Trade and Industry (DTI) Business Certificate<br>□ Republic Act (RA) Number and Content if government agency/institution |
| Learning and Development Plan for the Participants Continuous Programs, Activities and Projects (PAPs) (See enclosed format) | |

**ANNEX 3**

**U.P. Lipunang Pangkasaysayan (U.P. LIKAS)**

**LEARNING AND DEVELOPMENT PLAN FOR THE PARTICIPANTS CONTINUOUS PROGRAMS, ACTIVITIES AND PROJECTS**

| Implementation Plan (Schedule) | Title of the Activity* | Objective | Target Participants | Target Date | Proposed/Tentative Venue |
|---|---|---|---|---|---|
| UPD A.Y. 2021-2022 | 1. Ika-30 Pambansang Kumperensiya (Economic History of the Philippines) | Provide discussions on the the economic history of the Philippines, its development, and the contribution of Filipino livelihood to it through the years. | Junior and Senior High School Students, College Students, Teachers, Historians | 23, 30 October 2021<br>6 November 2021 | Online (via Zoom) |
| | 2. KAKASA KA BA? | Provide a platform for Junior High School Students to show their skill and knowledge regarding history | Junior High School Students, NCR | March 2022 | Online (via Zoom) |
| | 3. Alternative Classroom Learning Experience | Provide a discussion on the different roles of Filipina women during the Japanese Occupation. | UP Students | 8 April 2022 | Online (via Zoom) |
| UPD A.Y. 2022-2023 | 1. Alternative Classroom Learning Experience | Provide a discussion on the history of historical distortion in Philippine films. | UP Students | 26 August 2022 | Online (via Zoom) / PH 400, Palma Hall, UP Diliman |
| | 2. Ika-31 Pambansang Kumperensiya (Philippine Historiography) | Provide discussions on Philippine urban history and discuss the ramifications it has had to our present context. | Junior and Senior High School Students, College Students, Teachers, Historians | 22, 29 October, 5 November 2022 | Online (via Zoom) / NISMED Auditorium, UP Diliman |
| | 3. KAKASA KA BA? | Provide a platform for Junior and Senior High School Students to show their skill and knowledge regarding history | Junior High School Students and Senior High School Students, NCR | March 2023 | Online (via Zoom) / PH 400, Palma Hall, UP Diliman |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| UPD A.Y. 2023-2024 | 1. Ika-32 Pambansang Kumperensiya (Legacy and Challenges of Philippine Nationalism) | Provide wider knowledge and understanding towards the history of nationalism in the country and its present realities in the 21st century | Junior and Senior High School Students, College Students, Teachers, Historians | October 2023 | NISMED Auditorium, UP Diliman |
| | 2. Alternative Classroom Learning Experience | Provide a different but effective method in teaching history to UP Students | UP Students | October 2023 | PH 400, Palma Hall, UP Diliman |
| | 3. KAKASA KA BA? | Provide a platform for Junior and Senior High School Students to show their skill and knowledge regarding history | Junior High School Students and Senior High School Students, Luzon | March 2024 | PH 400, Palma Hall, UP Diliman |
| UPD A.Y. 2024-2025 | 1. Ika-33 Pambansang Kumperensiya (Philippine Historiography) | Provide discussions on Philippine historiography, and the various concepts and methods that have developed in the discipline | Junior and Senior High School Students, College Students, Teachers, Historians | October 2024 | Online (via Zoom) / NISMED Auditorium, UP Diliman |
| | 2. Dap-Ayan Lectures | Provide a different but effective method in teaching history to UP Students | Junior and Senior High School Students, College Students, Teachers, Historians | December 2024 | Online (via Zoom) / PH 400, Palma Hall, UP Diliman |
| | 3. KAKASA KA BA? | Provide a platform for Junior High School Students to show their skill and knowledge regarding history | Junior High School Students, NCR | March 2025 | Online (via Zoom) / PH 400, Palma Hall, UP Diliman |

**ANNEX 4**

**TRAINING PROGRAM PROPOSAL TEMPLATE**

**(Proponent: U.P. Lipunang Pangkasaysayan)**

Title of the Training: *Kapulwan: Ang Pamana at Hamon ng Nasyonalismong Pilipino (Kapulwan: The Legacy and Challenges of Filipino Nationalism)*

Proposed Date and Venue:
October 19-20, 2023; UP NISMED Auditorium, UP Diliman

Rationale and General Description of the Activity:
This 2023, U.P. Lipunang Pangkasaysayan will hold its 32nd National Conference of History Students. Throughout the years, the Committee on Education and Research has continually made the event an achievement and served as a venue for all undergraduate history students from all over the country to gather.

This year, U.P. LIKAS's 32nd National Conference is entitled ***"Kapulwan: Pamana at Hamon ng Nasyonalismong Pilipino"*** and will be held on the 19th-20th of October 2023 at the UP NISMED AUDITORIUM, University of the Philippines-Diliman, Quezon City, 8:00 AM – 5:00 PM.

The theme of this year's conference is to provide wider knowledge and understanding towards the history of nationalism in the country and its present realities in the 21st century. This 2-day conference will discuss the history of nationalism, from its beginnings to its present, and how different groups in the Philippines viewed and interacted with the evolving nature of FIlipino nationalism.

Specific Objectives of the Activity:

The conference aims to:

a) Use anthropological, sociological, historical, and cultural lens to understand the concepts of "nation", "nationhood" and "nationalism" in the Filipino context,
b) Generate discussion concerning the development of nationalism through the years up until the present, as well as its effect to the lives of the Filipinos,
c) Reflect on the current state of nationalism, and
d) Provide deeper insight as to how ordinary citizens today may contribute to nationalism in the pursuit of a favorable future for all Filipinos.

Target Participants: College students, High school students, High school teachers, College professors, Researchers, Economy students, History students, Economists.

No. of Expected Participants: 300-500 participants
No. of Classes to be Organized: 13 sessions
Funding Source: UPD OICA Grant and Organizational Fund
Registration Fee: Php 500 pesos for 2-day attendance, Php 400 pesos for 1-day attendace

**Key Content and Methodologies:**

| Title of the Session/Context | Objective | Key Learning Points | Methodology | Duration | Resource Person |
|---|---|---|---|---|---|
| Kilusang Pansimbahan sa Kasaysayan at Lipunang Pilipino | Aims to discuss church participation in the development of Filipino society. | Learn how the church shaped the social development of the Filipino nation. | Lecture | 30 minutes | Prop. Filomeno V. Aguilar Jr., PhD |
| Pamana ng GOMBURZA at Kilusang Sekularisasyon sa Kasalukuyan | Aims to highlight the contributions of GOMBURZA and the Secularization Movement to the modern Filipino people. | Learn about the contributions of GOMBURZA and the Secularization Movement. | Lecture | 30 minutes | Prop. Jose Victor Z. Torres, PhD |
| Paghihiraya ng Bayan sa Panulat nila Isabelo de los Reyes at Marcelo H. Del Pilar | Aims to shed light on the roles of Filipino ilustrados De los Reyes and Del Pilar. | Learn how De los Reyes and Del Pilar contributed to the flourishing of Filipino intellectual spaces in the late 19th century. | Lecture | 30 minutes | Prop. Anna Melinda Testa-De Ocampo, PhD |
| Pagkaing Pinoy bilang Lunan ng Kasaysayan at Pagka-Pilipino | Aims to historicize the relationship between Filipino food and nationhood. | Learn how Filipino food as we know it today is linked to nationhood through history. | Lecture | 30 minutes | Prop. Nestor T. Castro, PhD |
| Palakasang Pinoy bilang Lunan ng Kasaysayan at Pagka-Pilipino | Aims to historicize the relationship between Filipino sports and nationhood. | Learn how Filipino sports as we know them today are linked to nationhood through history. | Lecture | 30 minutes | Prop. Micah Jeiel R. Perez |
| Agham at Kalamidad bilang Lunan ng Kasaysayan at Pagka-Pilipino | Aims to historicize the relationship between Filipino nationhood, and science and calamities. | Learn how Filipino nationhood as we know it today is linked to science and calamities through history. | Lecture | 30 minutes | Prop. Kerby C. Alvarez, PhD |
| Panitikang Pambata bilang Lunan ng Kasaysayan at Pagka-Pilipino | Aims to historicize the relationship between Filipino poetry for children and Filipino nationhood. | Learn how Filipino poetry for children as we know it today is linked to nationhood through history. | Lecture | 30 minutes | Prop. Eugene Y. Evasco, PhD |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| Ang Bagong Pilipina sa ika-21 Siglo | Aims to celebrate the role of the modern Filipino woman in nation-building. | Learn how Filipino women throughout history were essential in the development of the modern nation. | Lecture | 30 minutes | Prop. Janet Reguindin-Estrella, PhD |
| Ang Kilusang Kabataan sa ika-21 Siglo | Aims to discuss the value of Filipino youth movements of the 21st century. | Learn how contemporary Filipino youth movements aided in the strengthening of civil society. | Lecture | 30 minutes | Prop. Jayeel S. Cornelio, PhD |
| Mga Hamon ng Marginalisasyon sa mga Katutubo at Muslim sa Kasaysayan at Lipunang Pilipino | Aims to draw attention to the challenges and responses of Filipino IPs and Filipino Muslims. | Learn how Filipino IPs and Filipino Muslims assert themselves and their nationhood amid the struggles they face. | Lecture | 30 minutes | Prop. Lars Raymund C. Ubaldo, PhD |
| Tsinoys: Mga Hamon sa Pagbubuo at Paggigiit ng Identidad sa Kasaysayan at Lipunang Pilipino | Aims to discuss topics of identity and history concerning the Filipino Chinese community. | Learn how the Filipino Chinese community defined their identity in relation to the nation. | Lecture | 30 minutes | Prop. Jely A. Galang, PhD |
| Pagsusuri sa mga Alitang "Mainland" at Diyaspora | Aims to analyze conflicts between Filipino communities inside and outside the archipelago. | Learn how conflicts between Filipino communities impact the public's perceptions of nationhood and nationalism today. | Lecture | 30 minutes | Prop. Rizza Kaye Cases, PhD |
| Pamana ng Nasyonalismong Pilipino sa Sining at Pelikula | Aims to talk about Filipino nationalism in art and film. | Learn how Filipino nationalism figures in local art and film. | Lecture | 30 minutes | Kidlat Tahimik |
| Pagsipat ng Nasyonalismong Pilipino sa Kulturang Popular | Aims to assess Filipino nationalism in pop culture. | Learn how Filipino nationalism appears in pop culture. | Lecture | 30 minutes | Prop. Atoy M. Navarro, PhD |
| Ang Social Media bilang Lunan ng Diskurso ng Nasyonalismong Pilipino | Aims to tackle social media's role in developing discourses on Filipino nationalism. | Learn how Filipino nationalism is discussed on a national level through social media. | Lecture | 30 minutes | Prop. Michael Charleston "Xiao" B. Chua, PhD |
| Pagtuturo ng Nasyonalismong Pilipino sa Batayang Edukasyon: Pagsusuri ng mga Teksbuk | Aims to analyze the instruction of Filipino nationalism in educational textbooks. | Learn how educational textbooks affect Filipino children's perspectives on the nation. | Lecture | 30 minutes | Prop. Aaron F. Viernes at Prop. Francis Justine |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | M. Malban |

Management Structure:

| Role | Name | Terms of Reference |
|---|---|---|
| Program Manager | Dan Gabriel Castro | Tagapangulo |
| Training Manager | Joaquin Manuel Reyes | Direktor sa Edukasyon at Pananaliksik |
| Class Manager | Hans Matthew Antiojo | Pangalawang Tagapangulo para sa Usaping Panlabas |
| Logistics Officer | Elrey Jan Punay | Direktor sa Dokumentasyon at Aklatan |
| Finance Officer | Japhet Paul Falcutila | Direktor sa Pananalapi at Lohistika |
| Welfare Officer | John Immanuel Advincula | Direktor sa Pangkasapiang Usapin |
| Quality Assurance Officer | Jude Thomas Cuartero | Pangalawang Tagapangulo para sa Usaping Panloob |
| Documenters | Benelyn Ferrer | Direktor sa Dokumentasyon at Aklatan / Direktor sa Publikasyon at Pamamahayag |
| Secretariat/Administrative Support | Hans Matthew Antiojo | Kalihim para sa Usaping Panlabas |

**Resource Package:**

a. Trainers' Kit: Souvenir program, ID, Certificate
b. Training Materials: Notepad, pen
c. Readings for Participants: N/A
d. Other support materials

Note: This should be enclosed per activity